AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

**Lesson 29**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Klase at School Requirements sa Panahon ng COVID-19".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 29**

Source: Department of Education

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🙌

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni DJ ng Pakil.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, paano po yung mga naiwan naming lesson? Yung 4th Periodical Test po namin?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, DJ!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Ayon sa  Department of Education 📖, ang mga naiwang gawain sa eskwelahan ay magiging home-based assignments 🏡📝. Bukod pa dito, wala na ring kukuning 4th

Periodical Examination ang mga mag-aaral na apektado ng pagsasara ng kanilang paaralan dahil sa COVID-19. ❌📝 (Pero huwag mag-alala, ang inyong grades ay kakalkulahin ng inyong guro base sa inyong performances noong may klase pa kayo. 😉)

**IV.✊ HAMON**

Dagdag pa rito, naglunsad ang DepEd 📖 ng DepEd Commons, isang online platform na naglalaman ng mga aralin at pagsusulit sa lahat ng mag-aaral, anuman ang antas nito. 💻

Ito ay maaaring makita at mai-access sa: 🌐 https://commons.deped.gov.ph .

Sabi ni DepEd Undersecretary for Administration Alain Del Pascua 👨🏻💼, ang DepEd Commons ay inilunsad ng DepEd bilang solusyon sa paghahatid ng pangunahing edukasyon sa mga mag-aaaral sa kabila ng krisis na kinakaharap ng Pilipinas. 🇵🇭💻📝 (Kaya naman kung may oras kayo, pwede niyo itong bisitahin. Maaari niyo ring aralin ang mga lessons na nakapaloob dito, at kumuha ng pagsusulit upang hasain ang inyong kaalaman. Paniguradong mae-engganyo at marami kayong matututunan dito. 💻😉)

Higit pa rito, pwede niyo ring i-chat 💻 o i-text 📲 ang inyong mga gurong tagapayo 👩🏻🏫👨🏻🏫 upang magtanong ng requirements o kailangan ninyong gawin. (Manatiling updated at huwag kalimutang kumustahin sila. Paniguradong pag nakita nila ang inyong mensahe, ay mare-recharge ang energy nila at mawawala ang pag-aalala at pagka-miss nila sa inyo 📧👩🏻. Tiwala lang at magiging maayos din ang lahat. Magkikita kita rin kayo ng inyong kaklase, kaibigan, at guro. 👧🏻👦🏻👩🏻🏫)

Sa ngayon, ibayong pag-iingat sa sarili at sa ating pamilya ang ating ugaliin 💧🧼🤲👨👩👧👦. Linisin din natin ang ating kapaligiran at kagamitan sa bahay upang ang coronaviruses ay hindi mamalagi at makapanghasik ng sakit sa ating pamilya. 🏠💧🧽🧴❌🦠🤒

Manatili muna tayong ligtas sa loob ng ating bahay. Sulitin muna natin ang bawat oras kasama ang ating pamilya, at upang mapayabong ang ating mga talento at kaalaman sa pamamagitan ng pananaliksik 🧐, pageensayo ✍🏻, at paghahasa nito. 🏠⏱️👨👩👧👦

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Ano ang mangyayari sa naiwang gawain sa eskwelahan?
🔎 Tama o Mali. May 4th Periodical Exam pa rin pagkatapos ng Enhanced Community Quarantine.
🔎 Ano ang pagbabatayan ng mga marka ng estudyante?
🔎 Ano ang inilunsad ng DepEd bilang solusyon sa paghahatid ng pangunahing edukasyon sa mga mag-aaral sa kabila ng krisis na kinakaharap ng Pilipinas?
🔎 Sino ang Undersecretary for Administration ng Department of Education (DepEd)?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?” 👧🏻👦🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."